Dakilang Kapistahan ng Kabanal-banalang Katawan at Dugo ni Kristo | Eukaristiya: Ang Perpektong kaloob ng Pagmamahal ni Kristo

LiturgyFun! Taon K

www.katolago.com
www.fb.com/katolago

Lucas 9:11b-17 Noong panahong iyon, nagsalita si Hesus sa mga tao tungkol sa paghahari ng Diyos; pinagaling niya ang mga may karamdaman.
Nang dumidilim na'y nilapitan siya ng Labindalawa at sinabi sa kanya, "Paalisin na po ninyo ang mga tao nang makaparoon sila sa mga nayon sa kabukiran sa paligid upang humanap ng makakain at matutuluyan. Nasa isang ilang na lugar po tayo." Ngunit sinabi niya, "Kayo ang magbibigay sa kanila ng makakain." Sumagot sila, "Wala po tayo kundi limang tinapay at dalawang isda, kaya kailangang bumili kami ng pagkain para sa mga taong ito. May limanlibong lalaki ang naroon. Ngunit sinabi niya sa kanyang mga alagad, "Paupuin ninyo sila nang pulu-pulutong na tiglilimampu." Gayun nga ang ginawa nila – pinaupo ang lahat. Kinuha ni Hesus ang limang tinapay at dalawang isda, tumingala sa langit, at nagpasalamat sa Diyos. Pinaghati-hati niya ang mga ito, at ibinigay sa kanyang mga alagad upang ipamahagi sa mga tao. Nakakain ang lahat at nabusog. Tinipon ng mga alagad ang lumabis; at nakapuno sila ng labindalawang bakol.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

Panuto: Tulungan mong maiabot ang tinapay at isda ni Hesus sa mga tao sa pamamagitan ng pagbagtas sa maze.





Ang biyaya at pagpapala ng Diyos ay di nauubos habang ibinabahagi sa ating kapwa!

Action Checklist: Gawa sa Araw-araw

Lagyan ng ✓ kung nagawa mo na!

□ Nagbahagi ako ng pagkain o gamit.
□ Nagdasal ako para sa mga nagugutom.
□ Tumulong ako sa bahay bilang alay kay Hesus.

Manalangin tayo...

✝ Panginoong Hesus, salamat po sa Inyong presensya sa bawat bahagi ng aming buhay. Tulungan po Ninyo akong makilala Kayo sa biyaya, kabutihan, at pagmamahal na dumadaloy araw-araw. Amen.